Republic of the Philippines
**CITY COUNCIL**
**City of Manila**

******************

PANGKARANIWANG PULONG BLG. 117

IKA-12 SANGGUNIANG PANLUNGSOD

******************

# KAPASIYAHAN BLG. 131
**Serye ng 2024**

**KAPASIYAHAN** NA HUMIHIKAYAT SA PAMAHALAANG LUNGSOD, BARANGAY, PRIBADONG SEKTOR AT MAMAMAYAN NG LUNGSOD NG MAYNILA NA MAGING MAPAGBANTAY AT MAINGAT SA BANTA NG SUNOG NGAYONG PAPASOK ANG BUWAN NG TAG-INIT KASABAY NG PAGHAHANDA SA NAKATAKDANG "*FIRE PREVENTION MONTH*" NA MAY TEMANG "SA PAG-IWAS SA SUNOG, HINDI KA NAG-IISA" PARA SA TAONG 2024, ALINSUNOD SA PRESIDENTIAL PROCLAMATION NO. 115-A

MGA MAY AKDA: **KGG. RICARDO "Boy" A. ISIP, JR.,** KGG. BENNY FOG T. ABANTE III, KGG. IRMA C. ALFONSO-JUSON, KGG. ARLENE MAILE I. ATIENZA, KGG. KRYSTLE MARIE C. BACANI, KGG. DON JUAN "DJ" BAGATSING, KGG. LARIS T. BORROMEO, KGG. RUBEN F. BUENAVENTURA, KGG. CARLOS C. CASTAÑEDA, KGG. LOUISITO N. CHUA, KGG. NIÑO M. DELA CRUZ, KGG. ROBERTO S. ESPIRITU II, KGG. JESUS E. FAJARDO, JR., KGG. PAMELA "Fa" G. FUGOSO-PASCUAL, KGG. JAYBEE S. HIZON, KGG. MARTIN V. ISIDRO, JR., KGG. RODOLFO N. LACSAMANA, KGG. MOISES T. LIM, KGG. NUMERO G. LIM, KGG. JOHANNA MAUREEN C. NIETO-RODRIGUEZ, KGG. ERICK IAN O. NIEVA, KGG. CHARRY R. ORTEGA, KGG. ELMER M. PAR, KGG. LOUISA MARIE "Lady" J. QUINTOS-TAN, KGG. SCIENCE A. REYES, KGG. DARWIN B. SIA, KGG. LUCIANO M. VELOSO, KGG. JOEL "JTV" VILLANUEVA, KGG. RAYMUNDO R. YUPANGCO, KGG. TIMOTHY OLIVER I. ZARCAL, KGG. JULIANA RAE M. IBAY, **KGG. SALVADOR PHILIP H. LACUNA**, Punong Minorya, **KGG. MACARIO M. LACSON**, Pangulong Pansamantala, **KGG. ERNESTO C. ISIP, JR.**, Punong Mayorya at **KGG. JOHN MARVIN C. "Yul Servo" NIETO**, Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo

SAPAGKAT, tuwing panahong tag-init ay mas tumataas ang insidente ng sunog sa iba't ibang sektor ng lipunan mapakumersiyal man o mga kabahayan;

SAPAGKAT, tungkulin ng Pamahalaang Lungsod na bantayan, paalalahanan at protektahan ang kaniyang nasasakupan laban sa banta ng sunog;

SAPAGKAT, malaki ang maitutulong ng pagkakaroon ng pagbabantay, kaalaman at pag-iingat ng bawa't isa upang makaiwas sa mapaminsalang sunog;

SAPAGKAT, mahalagang tuluy-tuloy ang pagpapaalala sa ating mga mamamayan sa pag-iwas sa sunog hindi lamang tuwing panahon ng tag-init kungdi sa lahat ng buwan ng taon: KAYA, NGAYON, nangyaring

IPINASYA, tulad ng pagpapasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila na humihikayat sa pamahalaang lungsod, barangay, pribadong sektor at mamamayan ng Lungsod ng Maynila na maging mapagbantay at maingat sa banta ng sunog ngayong papasok ang buwan ng tag-init kasabay ng paghahanda sa nakatakdang "*Fire Prevention Month*" na may temang "Sa Pag-iwas sa Sunog, Hindi Ka Nag-iisa" para sa taong 2024, alinsunod sa Presidential Proclamation No. 115-A; at NANGYARI NA MULING

IPINASYA, na ang mga sipi ng Kapasiyahan na ito ay maipamahagi sa tanggapan ng Punong Lungsod Maria Sheilah "Honey" H. Lacuna-Pangan, tanggapan ng mga Punong Barangay sa Maynila at Kawanihan ng Tagapangalaga Laban sa sunog sa Maynila.

PINAMUNUAN NI:

**JOHN MARVIN C. "YUL SERVO" NIETO**
Pangalawang Punong Lungsod at Taga Pangulo
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

Ipinasiya ng Sangguniang Panlungsod ng Maynila sa pangkaraniwang pulong ngayong Ika – 5 ng Marso 2024.

PINATUNAYAN:

**LUCH R. GEMPIS, JR.**
Kalihim
Sangguniang Panlungsod ng Maynila

RRB: jhb/rmd/kjm/agv/egv/avs